
2

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Pagbibigay ng Susunod na Pangyayari sa Kuwento



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino 2_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagbibigay ng Susunod na Pangyayari sa Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng modyul na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Mga Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Maribel B. Zamora |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulaban, Cristina S. Chioco |

**Inilimbag sa Rebublika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P) |
| Telefax: | (045) 598-8580 to 89 |
| E-mail Address: | region3@deped.gov.ph |

2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Pagbibigay ng Susunod na Pangyayari sa Kuwento

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanikanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pagunawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Filipino 2.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa pagbibigay ng susunod na pangyayari sa kuwento.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng susunod na mangyayari sa kuwento, pabula, tula, o tugma batay sa tunay na pangyayari **(F2PN-Ie-9, F2PN-Iii-9, F2PN-IIIg-9).**

## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Maaga pa lang ay gising na si Mang Kanor. Dala-dala niya ang asarol at punlang talong. Pupunta siya sa bukid.
   A. Baka aani siya.
   B. Baka maliligo siya.
   C. Baka magtatanim siya.
   D. Baka mangingisda siya.

2. Mahusay kang sumayaw sa klase. Ikaw ang napiling sumali sa patimpalak. Alam ng guro mo na kaya mo itong gawin.
   A. Siguro maiinis ka.
   B. Siguro magtatago ka.
   C. Siguro hindi ka na lang sasali.
   D. Siguro ipapakita mo ang galing mo sa pagsayaw.

3. Araw-araw ay umiinom si Michael ng gatas. Ito ang bilin ng kaniyang magulang. Maaga rin siyang natutulog sa gabi.
   A. Marahil ay para manghina siya.
   B. Marahil ay para maging masaya siya.
   C. Marahil ay para lumakas at lumusog siya.
   D. Marahil ay para matulog siya maghapon.

4. Bago matulog ay nag-aaral si Maribel ng aralin. Ginagawa rin niya ang mga proyekto sa takdang oras. Kaya natutuwa ang kaniyang mga kapatid.
   A. Tila aantukin siya sa loob ng klase.
   B. Tila hindi tataas ang kaniyang grado.
   C. Tila magkakaroon siya ng gantimpala.
   D. Tila malulungkot ang kaniyang magulang.

5. Mahilig uminom ng soft drinks at juice si Joan. Ayaw niyang kumain ng kanin, maging gulay at prutas.
   A. Baka lumakas siya.
   B. Baka lumusog siya.
   C. Baka mabusog siya.
   D. Baka magkasakit siya.

# Aralin 1 Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Kuwento

Ang pagbibigay ng susunod na pangyayari o panghuhula **(predicting)** ay magagawa lamang ng mambabasa kung tunay na nauunawaan niya ang kaniyang binabasa. Kadalasang nagaganap ang panghuhula kung ang wakas ng isang kuwento ay nakabitin. Makatutulong ang sumusunod na pahiwatig upang maisagawa mo ito.

Halimbawa:

1. **Baka** - Baka matuwa ang mga magsasaka kung tataas ang presyo ng palay.
2. **Tila** - Tila ang alamat ni Maria Makiling ay nagmula sa bayan ng Peñaranda, Lalawigan ng Nueva Ecija.
3. **Siguro** - Siguro ay mura ang buko sa Baler, Aurora.
4. **Marahil** - Marahil natikman mo na ang longganisa ng Lungsod ng Cabanatuan.

## *Balikan*

**Panuto**: Isulat sa paraang kabit-kabit ang sumusunod na pangyayari. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Kumain ng maraming kendi si Maya.

______________________________
______________________________
______________________________

2. Naligo sa ulan si Ronald.

______________________________
______________________________
______________________________

3. Kinain ng pusa ang isda sa lamesa.

______________________________
______________________________
______________________________

4. Si Letlet ay ibinili ng bag ng kaniyang nanay.

______________________________
______________________________
______________________________

5. Nakawala ang aso.

______________________________
______________________________
______________________________

# Tuklasin


## Gawain ng Magulang/Guro

Basahin nang malinaw ang sitwasyon. Ipahula sa bata ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang.

## Gawain ng Mag-aaral

Maaaring isulat o bigkasin ng bata ang sagot.

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Araw ng Sabado. Masiglang naglalaro ang magkapatid na Hanna at Karl sa kanilang bakuran nang may nakita silang matandang mag-asawa.

1. Baka - ____________________________________________
2. Tila -______________________________________________
3. Siguro -____________________________________________
4. Marahil -__________________________________________

## Suriin

### Gawain ng Magulang/Guro

Ipaliwanag sa bata ang konsepto ng pagbibigay ng hinuha o hula.

**Sabihin:** Madali kang makapagbibigay ng sariling hula o hinuha kapag naunawaan mo ang bawat sitwasyon o kuwento na iyong nabasa o napakinggan.

Sa pagpapahayag ng hinuha gingamit ang mga panandang: **baka**, **siguro**, **marahi**l, **tila** at **wari.**

Ang hula o hinuha ay maaaring nakabatay sa iyong personal na karanasan.

**Tandaan:** Ang mahalagang detalye ay nakatutulong upang masagot ang mga tanong sa pinakinggan o binasang teksto.

Ang paghinuha ay pagbibigay ng kasalukuyang nadarama, iniisip, katangian, o nangyayari batay sa

paglalarawan ng mga detalye sa isang sitwasyon. Maaari itong positibo o negatibo.

Halimbawa:

1. **Baka** sumakit ang ngipin ni Maya sa dami ng kinaing kendi.
2. **Tila** lalagnatin si Itan dahil naligo siya sa ulan.
3. **Siguro** nagugutom ang pusa kaya kinain niya ang isda sa lamesa.
4. **Marahil** ay tuwang-tuwa si Lelet dahil bago ang kaniyang bag.

## Gawain ng Mag-aaral

Makinig nang mabuti at sagutin ang pagsasanay.

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahusay kang gumuhit. Ikaw ang napiling sumali sa patimpalak sa pagguhit sa inyong paaralan. Alam ng guro mo na may kakayahan ka sa larangang ito.

1. Baka ______________________________________________
2. Tila ______________________________________________
3. Siguro ____________________________________________
4. Marahil ___________________________________________

# Pagyamanin

**Gawain ng Magulang/Guro**

Subaybayan ang bata sa pagsagot sa mga gawain.

**Gawain ng Mag-aaral**

Pagsagot sa mga gawain nang may pagkatuto.

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Masayang nananaghalian ang mga manlalaro ng basketball. Kasama rin nila ang mga kaibigang nanood ng kanilang laro. Hindi nila akalain na sila ang tatanggap ng tropeyo at pera.

1. Ano kaya ang gagawin ng magulang ng mga manlalarong ito ng basketball?

Siguro, ______________________________________________

________________________________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Ika-1 ng Mayo. Ito ang araw na pinakahihintay ni Carlo. Abalang-abala sa pagluluto ng pagkain ang kaniyang Lola Cora. Sabik na kasi siyang dumating ang kaniyang ate galing sa ibang bansa.

1. Ano kaya ang pasalubong ng ate ni Carlo sa kanilang mag-lola?

| Baka ________________________________________ |
|---|
| ______________________________________________ |

2. Ano ang unang gagawin ni Carlo kapag nakita na niya ang kaniyang ate?

| Marahil ______________________________________ |
|---|
| ______________________________________________ |

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Gawing gabay sa pagsagot ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Kulay pula ang ilaw ng trapiko. Maraming tao ang sabay-sabay na tumawid ng kalsada. May isang batang nakasaklay at mabagal lumakad.



1. Ano kaya ang nararamdam ng batang may saklay?

| Tila, ________________________________________________ ________________________________________________ |
| --- |

2. Paano kaya makatatawid ang batang may saklay?

| Marahil ay, ________________________________________ |
| --- |

3. Bakit tila nagmamadali ang mga tao sa pagtawid?

| Baka, ______________________________________________ ________________________________________________ |
| --- |

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Inilabas ni Mang Baldo ang dyip niya sa garahe. Dala na rin niya ang kaniyang belt bag at baong pagkain na inihanda ng kaniyang asawa. Mayamaya pa ay pinaandar na niya ito.

Baka, ______________________________________________
______________________________________________

Tila, ______________________________________________
______________________________________________

Marahil ay, ________________________________________
______________________________________________

Siguro, ___________________________________________
______________________________________________

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Araw-araw ay bumibili ng isang kahang sigarilyo ang aking ama. Wala siyang tigil sa paninigarilyo. Isang araw ay dinala namin siya sa ospital.

Baka, ____________________________________________

____________________________________________

Tila, ____________________________________________

____________________________________________

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang isa sa mga pahiwatig na iyong napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bago matulog ay inihahanda na ni Gina ang kaniyang mga gagamitin sa pagpasok kinabukasan. Nakagawian na niya itong gawin. Alam ng kaniyang nanay ang ugali niyang ito.

Siguro, ____________________________________________

____________________________________________

Marahil, ____________________________________________

____________________________________________

Baka, ____________________________________________

____________________________________________

### Malayang Pagtatasa 3

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Maagang nagising si Gng. Santos upang tapusin ang hindi niya natapos na ulat kagabi. Malapit na siyang matapos nang biglang nawalan ng kuryente.

1. Baka, ________________________________________
________________________________________
2. Tila, ________________________________________
________________________________________
3. Siguro, ________________________________________
________________________________________
4. Marahil, ________________________________________
________________________________________



## *Isaisip*

### Gawain ng Magulang/Guro

Gabayan ang bata sa pagsagot ng gawain at tulungan siyang maiprosesa ng maayos ang natutunan.

### Gawain ng Mag-aaral

Sagutin ang gawain.

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang patlang upang matiyak na natutuhan mo ang mahalagang konseptong nakapaloob sa araling ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahalaga na magkaroon ka ng kakayahang maibigay o mahulaan ang maaaring mangyari. Makatutulong ito sa iyo upang makapag-isip ka kung ano ang dapat gawin. Maaari mong gamitin ang ilang pahiwatig tulad ng 1)________, 2)________, 3)________ at 4) ________ upang mahusay mo itong maisagawa.



## *Isagawa*

### Gawain ng Magulang/Guro

Basahin at iparinig sa mag-aaral ang gawain.

### Gawain ng Mag-aaral

Makinig nang mabuti at sundin ang panuto.

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na kuwento. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Madilim ang kalangitan. May paparating na bagyo. May butas ang bubong ng bahay nina Mang Tino. Sinabi na pala ito ng kaniyang asawa noon pa. Subalit hindi

niya agad ito nagawa. Mayamaya ay biglang bumuhos ang malakas na ulan.

1. Baka- ______________________________________________

2. Tila- _______________________________________________

3. Siguro- _____________________________________________

4. Marahil - ___________________________________________

## *Tayahin*

### Gawain ng Magulang/Guro

Hayaan ang bata na sagutin ang tayahin ng mag - isa.

Kung nahirapan ang bata sa pagsagot, maaaring gabayan ng tagapagturo.

### Gawain ng Mag-aaral

Pagsagot sa gawain.

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Maagang pumasok si Bb. Bautista sa trabaho. Hindi siya mapakali sa kaniyang kinauupuan. Parang may hinahanap siya sa loob ng kaniyang bag.



1. Baka - ____________________________________________

2. Tila - ____________________________________________

3. Siguro - __________________________________________

4. Marahil - _________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng maikling kuwento tungkol sa paglilinis ng inyong bakuran. Hulaan ang susunod na mangyayari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Baka - ____________________________________________
2. Tila - ____________________________________________
3. Siguro - ___________________________________________
4. Marahil - __________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

(Posibleng sagot)

1. Baka mabasa ang gamit nila.
2. Tila lilipat nalang sila ng lugar.
3. Siguro tatakpan nalang niya ang gamit para di mabasa.
4. Marahil babaha sa bahay nila.

**Isagawa**

(Posibleng sagot)

1. Baka mabasa ang gamit nila.
2. Tila lilipat nalang sila ng lugar.
3. Siguro tatakpan nalang niya ang gamit para di mabasa.

**Malayang Pagtatasa 1**
Baka nagkasakit siya.
Tila hinika siya.

**Malayang Pagsasanay 2**
Siguro ay maaga s'yang aalis
Marahil may kausap siya
Baka sasabay sa kaibigan

**Malayang Pagtatasa 3**
Baka napundi ang ang ilaw
Tila sa lakas ng kidlat
Siguro may nagpuputol ng puno
Marahil ay pinutulan sila ng kuryente

**Pagyamanin**
(Posibleng sagot)
**Pinatnubayang Pagsasanay 1**
Siguro ay manunuod sila.

**Pinatnubayang Pagtatasa 1**
Baka maraming chocolate
Marahil ay yayakapin niya
**Pinatnubayang Pagtatasa 2**
Tila maiiwan siya.
Marahil ay may tutulong sa kan'ya.
Baka mahuli sa trabaho
**Malayang Pagsasanay 1**
Baka papasada si Mang Baldo
Tila magpapagawa sa mekaniko
Marahil naarkila ang dyip niya
Siguro ay maghahatid ng iskuwela

**Tuklasin**

(Posibleng sagot)

1. Baka may hinahanap silang tao.
2. Tila may naiwan silang bagay.
3. Siguro doon sila pupuntahan ng kausap.
4. Marahil may hinahantay silang tao.

**Balikan**

(Pagsulat ng kabit-kabit)

**Subukin**

1. C
2. D
3. C
4. C
5. D

# *Sanggunian*

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

Lalunio, Lydia. 2020. Bagong Filipino Tungo Sa Globalisasyon 2. Vibal Publishing.

Raflores, Ester. n.d. Binhi: Wika at Pagbasa. Jo-es Publishing House Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph